KITA

Lyrics By Vim Nadera
Music by Paul V. Pena

Namigay ng lupa si Heredero. Lumabas sa TV si Crush ng Bayan. Nagsimba si Siga kahit di Linggo. Nagpaseminar sa hall si Iskolar. Nakilala na ni Lolo ang apo. Dumalas si Matrona sa ampunan. Dumalang si Sakristan na magdisco. Si Tsismosa ay nanahimik lamang. Nagpaliga si Team Captain sa baryo. Sa publiko si Pastor nagkumpisal. Pati si Lakay na siya si Kristo.	Pinanonood naman namin sila. Umiiyak pag sila ay umiyak. Tumatawa pag sila ay tumawa. Walang ipinagkaiba ang lahat. Sa paborito naming soap opera. Tinutulungan kaming makatakas. Sila pa ang lilimusan ng pera. Samantalang kami nga itong salat. Tapos manghihingi kami ng grasya. Kaming nabulag sa ganyang palabas. Ang magmumura kapag walang kita.